BC's EDUCATION PLAN

Engage – The B.C. Education Plan

Ang sistema ng edukasyon ng British Columbia ay isa sa pinakamahusay sa mundo. Natututo nang mahusay sa eskwelahan ang mga estudyante sa BC at mahusay ang kanilang mga iskor sa international exams. Ipinagmamalaki namin ang nakamit ng aming mga estudyante – at ang mga kontribusyon ng kanilang mga pamilya at mga guro.

Kasabay nito, kailangan natin gamitin ang lakas ng ating kasalukuyang sistema ng edukasyon at gawin itong mas inobatibo at moderno, nang sa gayon ay maging pleksible ito at mas makatugon sa mga pangangailangan ng estudyante at pamilya.

Kailangan natin gawing mas may katuturan ang edukasyon upang maipakita ang kasalukuyang mundo ng mga estudyante at ang mundo sa darating na panahon. Ito ay magagawa sa pamamagitan ng pag-personalize sa pagtuturo sa pamamagitan ng paglagay sa mga estudyante sa sentro ng pag-aaral upang masundan nila ang kanilang mga sariling interes at kagustuhan sa loob ng paksa na pinag-uusapan. Ang mga guro ay dapat suportahan. At ang mga pamilya ay dapat kasali.

Malinaw ang ating hamon. Kailangan natin siguraduhin na ang edukasyon sa BC ay tumutugon sa mga pangangailangan ng mga pamilya ng BC ngayon at sa kinabukasan, upang patuloy na makamit ng ating kabataan at maging masigla sila sa isang dinamikong teknolohikal na mundo na mabilis na nagbabago.

Ito ang diwa ng B.C. Education Plan.

Ang ating hamon ay ang gamitin ang dati nang napakahusay na sistema ng edukasyon at gawin itong walang-katulad, nang sa gayon ay mapanatili ang British Columbia sa unahan ng mundo ng edukasyon, inobasyon, creativity at entrepreneurship.

Nais naming maging kalahok ang mga estudyante, mga guro, mga magulang, lahat ng British Columbians sa gawaing ito ng pag-modernize ng edukasyon sa B.C. Sama-sama nating magagawa ito, at mailalagay natin ang mga pamilya sa unahan, at masisigurado natin na ang bawat isa ay may pagkakataong umunlad sa buhay.

Nais naming lumahok ka upang tumulong na gumawa ng kahabag-habag na kinabukasan. Kaya namin ginawa ang web site na puno ng impormasyon, videos, graphics at ibang contents upang tulungan kang magkaroon ng kaalaman at maging bahagi ng positibong pagbabago sa www.bcedplan.ca

Mangyaring lumahok. Eto ang magagawa mo:

- **Idagdag ang iyong mga kuru-kuro sa website: www.bcedplan.ca**
- **Ipadala sa amin sa email ang iyong mga kuru-kuro sa bceducationplan@gov.bc.ca**
- **Kausapin ang mga tao sa iyong eskwelahan at komunidad**
- **Kausapin ang administrasyon ng distrito ng iyong eskwelahan**

Nais namin marinig ang iyong mga kuru-kuro tungkol sa kung paano gagawing makabago ang edukasyon sa B.C. Bisitahin nang madalas ang website upang patuloy na maging bahagi ng pag-uusap!